



## Buong Teksto

### EDJOP: ISANG ANAK NG SIGWA

Hanggang sa mga huling araw niya, hindi nalimutan ni Edjop ang pangako niya: ang tulongan ang mahihirap na Pilipinong makamit ang mas magandang buhay.

Ang kwento natin ngayon ay isa sa mga kuwentong kabilang sa seryeng, *Ang Mga Kuwento ng Makabagong Bayani* ng Sandaang Salaysay. Inilathala ng The Bookmark, Inc., orihinal na isinulat sa Ingles ni Ed Maranan at salin sa Filipino nina Isyan Sandoval at Ciarra Flores, at babasahin Jay Inojosa.

Pangalawa si Edgar Mirasol Jopson sa labindalawang magkakapatid. Nag-iisa siyang lalaking anak sa malaking bahagi ng kaniyang kabataan, hanggang sa dumating ang isa pa nilang kapatid na lalaki. Noong bata pa siya, ang kaniyang mga kapatid na babae ang kalaro niya sa bahay. Sa paglaki niya, nakipaglaro na rin siya sa mga kapitbahay.

Malapit siya sa kanyang mga kapatid na babae. Masaya silang nagtampisaw sa mga agos ng baha sa mga kalye ng Sampaloc tuwing umuulan. Habulan, taguan, at Moro-moro naman ang kanilang pinagkakaabalahan kasama ang iba pang mga bata tuwing maaraw.

Mahilig si Edgar sa mga bagay na kailangan ng kabukasan at lakas ng loob. Noong limang taong gulang siya, umaakyat siya sa likod ng mga dyip upang makalibre ng sakay mula Sampaloc hanggang Divisoria o Quiapo. Gusto niyang makita kung ano ang nasa kabilang dulo ng nakasanayan niyang bayan. Walang takot siyang kumakapit sa metal na hawakan sa likod ng dyip na kanyang sinasabitan. Hindi napansin ng mga nagmamaneho na may isang musmos na bata palang buwis buhay na nakakapit sa kanilang mga dyip habang humarurot ito sa mga maalikabok na daanan!

Pero sa kabila ng kaniyang kakulitan, maalalahaning anak at kapatid si Edgar. Gamit ang perang naipon niya mula sa kaniyang baon, binibilhan niya ng regalo ang kaniyang magulang at mga kapatid.

Sa eskwelahan, nakilala siya bilang bukod-tanging estudyante na uhaw sa kaalaman. Hilig niya ang pagbabasa hindi lamang ng mga teksbuk, kundi pati rin ng mga librong tungkol sa paglalakbay, pag-iimbestiga, at mga komiks. Pinag-iipunan pa nilang magkakapatid ang pambili sa mga librong ito.

Isang araw, napagdesisyunan ng kaniyang mga magulang na magbukas ng tindahan sa kanilang lugar. Nautusan si Edgar at ang kanyang Ate Inday na tumulong dito sa kanilang bakanteng oras. Ang ibig sabihin nito ay mababawasan ang oras nila upang makipaglaro sa iba pang mga bata sa kanilang lugar. Gayumpaman, masaya at bukas-loob silang tumulong sa kanilang magulang. Sa paglipas ng mga taon, pinagsikapan nilang magtrabaho. Dumami nang dumami ang bumibili sa kanilang tindahan hanggang naging isa ito sa pinakaunang supermarket sa Pilipinas.

Ngunit dumating din ang panahong nahirapan ang pamilya nila. Nalugi ang kanilang negosyo hanggang sa kinailangan nilang magtanggali ng mga empleyado. Sina Edgar at ang kaniyang Ate Inday lang ang inasahan ng kanilang magulang na patakbuhin ang tindahan. Winawalis nila ang sahig, pinupuno ang mga salansanan, at kinakandado ang kaha sa pagtatapos ng bawat araw.

Pero kahit na abala sila sa tindahan, hindi nila napapabayaang ang mga gawain sa eskwela. Dagdag pa nga, kahanga-hangang pinaghusayan ni Edgar ang pag-aaral hanggang sa makapagtapos siya ng elementarya sa Ateneo.

Dumating ang panahon na nagsimulang magtanong at magmuni si Edgar tungkol sa buhay ng ibang tao. Isang araw, natanong niya kay Sianing, ang kasambahay ng pamilyang Jopson,

“Ate Sianing, bakit ka nagtatrabaho sa bahay ng ibang pamilya? Paano naman ang sarili mong pamilya? ‘Di ba nakatira ka sa probinsya? Bakit kailangan mo pang pumunta rito sa Maynila?”

“Mahirap ang buhay sa probinsya,” paliwanag ni Sianing. “Mahirap lang ang pamilya ko. Nakakakain lang kami tuwing may ani kami sa maliit naming lupa. Kapag hindi umulan, wala kaming ani. May mga panahon na wala talaga kaming makain. Ito ang dahilan kaya napipilitan ang marami sa amin na maging katulong sa tahanan ng iba rito sa siyudad...”

“Huwag kang mag-alala, Ate Sianing.” Ang sabi ng batang Edgar

“Pagtanda ko, maghahanap ako ng paraan para maging mas produktibo ang lupa natin, para hindi na kayo magutom uli.”

Maraming taon ang nagdaan. Edjop na ang tawag sa kaniya sa eskwela. Lumipas na ang mga panahon ng mga pambatang laro--ng pagsabit sa likod ng mga dyip, ng pagtatampisaw sa baha sa Sampaloc pagkatapos ng bagyo. Nasa kolehiyo na siya ngayon, kaharap ang di-hamak na mas malaking sigwa sa kaniyang buhay, bilang pinuno ng pinakamalaking kilusang pang-estudyante sa bansa.

Isang araw, pinamunuan niya ang libu-libong estudyante sa isang malaking demonstrasyon sa harap ng Lumang Gusali ng Kongreso sa Maynila. Hawak ang mikropono, tinuligsa niya ang mga katiwalian ng administrasyong Marcos.

Namantsahan ang araw na iyon ng matinding kaguluhan sa pagitan ng mga demonstrador at riot police. Maraming estudyante ang binugbog gamit ang malalaking batutang nakababali ng buto at nakakamatay. Sa loob ng ilang araw, napuno ang lungsod ng mga sagupaan sa pagitan ng mga estudyante at mga armadong pulis.

Sinaklot ng lagim ang buong Manila. Naimbitahan si Edjop at ang iba pang estudyante sa Malacañang upang makipagdiyalogo kay Presidente Marcos. Hindi katangkaran si Edjop ngunit puno siya ng tapang at lakas ng loob. Kahit ang malalaking, nakasisindak na lalaki sa Malacañang ay nakakikilala sa kaniya. Hinangaan nila ang binatang itong malaki at umaalingawngaw ang boses, at na laging laman ng mga diyaryo ang pangalan.

Sa kalagitnaan ng pulong, biglang tumayo si Edjop at may inabot na isang pirasong papel kay Presidente Marcos.

“Mr President,” ang sabi ng batang pinuno, “nais po naming lumagda kayo sa isang dokumento, na nagsasabing hindi kayo muling tatakbo bilang presidente sa pangatlong termino!”

Namutla si Marcos at sinagawan si Edjop: “Sino ka upang utusan ako? Anak ka lang ng tinder!”

Napuno ng tensyon ang silid. Sa sandaling iyon, narinig ang mga sigawan at pagsabog sa labas ng Palasyo. Ang mga radikal na pangkat ng estudyante ay nakatakda nang sumugod! Natapos agad ang pulong sa pagitan ng mga estudyante at ng Presidente. Umalis sina Edjop at ang kaniyang grupo. Magdamag ang pag-atake ng mga demonstrador sa Palasyo. Namatay ang ilang estudyante. Labis na ikinalungkot ni Edjop ang mga pagkamatay na ito.

Nagsimula siyang maging mas mulat sa kalagayan ng iba't ibang panig ng Pilipinas. Sa kaniyang pamamalagi sa Ilocos Sur, nakita niya ang pagdurusa ng mga mamamayang nawalan ng bahay, sinunog ng mga sundalong bayaran ng isang pulitikong angkan. Pagpunta niya sa Negros, nakita niyang harap-harapan ang kaawa-awang kalagayan ng mga sacada. Sila ang mga magsasakang nag-aani ng tubó para sa mayayamang asendero ng asukal. Ilang piso lang ang bayad sa kanila para sa kayod-kabayong pagtatrabaho.

Nang makatapos sa kolehiyo, ginugol ni Edjop ang buong oras niya sa pag-oorganisa sa mga unyon ng manggagawa. Sa katunayan, tumulong pa siya sa pag-oorganisa ng unyon sa supermarket ng kanilang pamilya!

“Kinakalaban mo na ba ang sarili mong pamilya?” tanong sa kaniya ng mga magulang niyang masama ang loob..

“Hindi po, Ma at Pa. Mahal ko po kayo at ang ating pamilya. Pero naghahanap po ang mga trabahador natin ng mas mabuting kalagayan, at may karapatan po silang bumuo ng unyon.” tugon ni Edjop.

Kalaunan ay naintindihan ng magulang niya ang ipinaglalaman ni Edjop. Nang nagdeklara ng Batas Militar si Marcos, sumali si Edjop sa isang lihim na kilusan at sa pakikibaka laban sa diktadurya. Nagpunta siya sa kanayunan upang makiisa sa mga pesante. Naging isa siya sa hinahangaang pinuno ng New People's Army, ngunit kalaunan ay pinatay siya ng mga militar ni Marcos.

Hanggang sa mga huling araw niya, hindi nalimutan ni Edjop ang pangako niya noon pa kay Sianing: ang tulungan ang mahihirap na Pilipinong makamit ang mas magandang buhay.

\*\*\*

*Pinagkubanan: Edjop: Isang Anak ng Sigwa. Salin sa Filipino ni Isyan Sandoval at Ciarra Flores. Edjop: Child of the Storm. Ed Maranan. The Bookmark, Inc. 2009.*

## Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

### *Sa Ingles*

The Monkey and the Turtle  
Sun and Moon  
Sagacious Marcela  
The Story of our Fingers  
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck  
The Lost Necklace  
Why Cocks have Combs on their Head  
The Light of The Fly  
The Snail and The Deer  
Why Dogs Wag Their Tails

### *Sa Filipino*

Ang Pagong at ang Matsing  
Ang mga Paglalakbay ni Juan  
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)  
Ang Unang Unggoy  
Ang Alamat ng Palay  
Ang Pinagmulan ng Lamok  
Kung Paano Yumaman si Jackyo  
Ang Anting-anting ni Manuelito  
Ang Gamugamo at Ang Liwanag  
Kung Bakit Gusto ng Bagobo ang Pusa

*Mga Kuwentong Pampasko:*

The Poor Man who Became King  
The Sultan with a Heart of Stone  
Buking si Santa  
Istatriray: Ang Bituing may Buntot  
Alamat ng Puto-Bumbong  
Felice, Noel, and the Christmas Day Disaster

*Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes  
(Anvil Publishing)*

Ang Pitong Tanga  
Rosamistica  
Ang Mahiwagang Biyulin  
Ang Binibining Tumalo sa Hari  
Labindalawang Masasayang Prinsesa

*Ang Mga Kuwento ng Makabagong Bayani/  
Modern Hero Stories  
(The Bookmark, Inc.)*

Edjop: Isang Anak ng Sigwa  
Lub-dub, lub-dub (Fil.)  
Made Perfect in Weakness  
The Public's Servant

*Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.*

## **PAGKILALA**

### **Areté**

Ma. Mercedes Rodrigo  
Ricardo Abad

*Executive Producers*

D Cortezano

*Producer*

John Robert Yam

*Overall Sound Designer*

Harold André Santos

*Theme Music Composer*

D Cortezano

*Episode Sound Designer*

John Robert Yam  
Nilo Beriarmente

*Sound Engineers*

Ivy Baggao

*Talent Coordinator and Production  
Associate*

Jethro Nibatén  
Adrienne Ungriano  
Rey Sotto  
Duane Ligot  
Ralph Joseph Adarlo  
Carlos Hombrebueno

*Sound Design and Technical Team*

*Adarna House:*

Bakit Matagal ang Sundo ko?  
Why is Mommy Late?  
Asul na Araw  
Blue Day  
Ano'ng Gupit Natin Ngayon?  
How would you like your haircut today?  
Sampung Magkakaibigan  
Ten Friends  
Ang Pambihirang Sombrero  
The Amazing Hat

*Tabanan Books*

*Ang Babaeng Nahulog Mula sa Langit at Iba Pang  
Kuwentong-bayan*  
Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo  
*The Termite Queen and other Classic Philippine Earth  
Tales*  
Volcano of Love and Death

Arielle Acosta  
Vannessa Reventar

*Logistical Support*

Ross Du

*Illustrator*

Arielle Acosta  
Lazir Caluya

*Brand Developers*

Dreamlist Digital

*Web developers*

## **Ateneo de Manila Basic Education**

Fr. Joaquin Jose Mari C. Sumpaico III SJ *Vice President for Basic Education*

### **Ateneo Grade School**

Jaime Jose G Nicdao, PhD

*Finance Officer of the Office of the Vice President for Basic Education  
Director for Administration of the Grade School  
Officer-In-Charge, Headmaster*

Jervy M. Robles

*Assistant Headmaster for Academic Affairs*

### **Ateneo Junior High School**

Jose Antonio P. Salvador

*Principal*

Genalyn S. Sanvictores

*Assistant Principal for Academic Affairs*

Paolo Ven B. Paculan

*Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino*

Christian Hereson R. Sandoval  
Jeremiah Ciarra D. Flores

*Filipino Teachers - Translators*

Jonnel Inojosa

*Associate Teacher, Filipino*

Kristine Ann P. Valdellon

*Master Teacher, Subject Area Coordinator, English*

### **Ateneo Senior High School**

Ma. Victoria P. Dimalanta

*Principal*

Luis Allan B. Melosantos

*Assistant Principal for Academic Affairs*